

1

Panay ang pagtulo ng luha ni Lora. Umaasa siya na sana'y panaginip lang ang lahat. Na hindi totoo ang nangyari. Na ilang sandali na lang ay darating ang asawang si Eric mula sa trabaho nito. Ngunit hindi. Totoo ang lahat. Hindi siya iiyak nang ganito kung hindi. Isang buwan na mula nang mailibing ang asawa niya, pero heto pa rin siya at hindi maampat ang pagluha. Hindi niya pa rin matanggap na nawala na ang taong naging una niyang natawag na 'totoong pamilya'. Isang buwan mula ngayon, mabubuo na sana sila sa pagdating ng bunga ng kanilang pagmamahalan.

Hinaplos niya ang kanyang maumbok na tiyan. Mas lalo pang nadagdagan ang pighating nadarama niya sa kaalamang hindi man lang makikita at makakasama ng anak niya ang ama nito. At hindi rin masisilayan ni Eric ang supling nila. Ang lahat ng binuong mga pangarap nilang dalawa ng asawa ay gumuho. Nasira sa isang iglap.

Parang wala na siyang gana pang mabuhay... ngunit ayaw niyang maging makasarili. Kailangan



niyang pilitin ang sarili na huminga alang-alang sa buhay na nasa loob ng sinapupunan niya. Pero, kahit anong isip niya na maging masaya at ipagtuloy ang buhay, hindi niya pa kaya. Sa ngayon, hahayaan niya muna ang sariling magluksa at lumuha para sa pagkawala ng asawa niya. Siguro naman sa kalaunan ay mauubos din ang luha niya sa kakaiyak.

Sa nanlalabong paningin, nilibot ni Lora iyon sa loob ng kanilang kuwarto. Bigla ay parang pelikulang dumaloy sa kanyang isipan ang masasayang araw nila bilang mag-asawa.

Bawat sulok ng bahay nila ay nagpapaalala ng mga tagpong kasama niya ito—mga panahong sabay silang nangangarap para sa kanilang pamilya, mga oras na nabubuhay pa ito at inaalagaan nila ang isa't isa at mga tagpong nagtatampuhan sila sa maliliit na bagay. Ang mga naturang alaala ang nagpapasikip sa dibdib niya at nagpapahirap sa sarili niya na tanggapin ang paglisan nito.

He was the best husband for her. Hindi niya lang ito kabiyak sa buhay kundi isa ring matalik na kaibigan at siyang nagbigay sa kanya ng pagkakataon na may matawag na kapamilya. Bakit ba kasi ito pa ang nagka-brain tumor? Hindi sa sinisisi niya ang Panginoon sa pagkawala ng asawa o hinihiling na sana ibang tao na lang ang mamatay. Alam

naman niyang lahat ng tao ay kamatayan ang kahahantungan. Ngunit bakit napakaaga? Bakit hindi kung kailan natapos na nilang mabuo ang mga pangarap nilang dalawa?

Hanggang ngayon, napakahirap pa rin sa kanya ang tanggapin ang nangyari kay Eric. He was diagnosed with brain cancer. Labis siyang nagulat na mayroon itong malalang karamdaman. May mga panahon noon na sumasakit ang ulo nito ngunit di naman siya naghinala na malubha iyon. Nagiging makakalimutin din ito. Iyon pala, sintomas na iyon ng sakit nito. Hindi kaagad nalaman ang sakit nito dahil madalas nitong sabihin na simpleng sakit lang ng ulo ang dinaramdam nito at ayaw magpakonsulta sa doktor na madalas isinusuhestiyon niya.

Hindi alam ni Lora kung ano ang angkop na sasabihin nang sabihin nito sa kanya ang tunay na kondisyon nito. She was shocked. Bigla ang pagragasa ng kung anu-anong emosyon sa kanyang dibdib nang mga panahong iyon—takot, lungkot at iba pang hindi niya na mapangalanan. Ngunit pinairal niya ang kahinahunan. She suggested to get a second opinion but he declined. It was as if he already accepted the whole thing. Paano kung mali pala ang findings ng doktor? Ngunit hindi. Talagang may malubhang sakit si Eric.



Isang araw, muling isinugod si Eric sa ospital nang bigla na lang itong nag-collapse sa trabaho. Nakausap niya ang doktor at nalaman niya ang tunay na kondisyon nito. Ang tumubong tumor sa utak nito ay inoperable at malignant. Ibig sabihin, hindi puwedeng maoperahan dahil hindi matukoy ang eksaktong kinaroroonan ng tumor, at magiging delikado sa buhay ni Eric kapag isinagawa ang isang operasyon. Kakalat ang cancer cells kapag hindi nakuha ang tumor. Nagsuhestiyon ang doktor ng alternatibong lunas ngunit sa Maynila sila dapat magpa-confine dahil kulang ang mga facilities sa probinsya.

Doon sa Maynila ay marami pang tests ang isinagawa rito. He took a lot of medications and undergone a radiotherapy treatment which caused him hair loss and a lot of side effects. It was a difficult time for him. Halata ang pagkabawas ng timbang nito. Nagsusuka ito. Madalas ay inaatake ito ng matinding sakit ng ulo na tila ba mabibiyak iyon.

Sa mga nasaksihang paghihirap nito ay nagpapasakit din ng kanyang puso. Tila siya ang nasasaktan para rito. Ngunit hindi siya umiiyak sa harap nito. Mas pinili niyang umiyak nang sarilinan dahil ayaw niyang makita siya nitong mahina.

Kailangan niyang magpakatatag para rito. To her and his parents' dismay, he decided to stop his medications and treatment. At that very moment, she wanted to hate him. Susuko na lang ba ito basta?

Pagkatapos nga ng anim na buwan na pakikipaglaban sa sakit nito ay binawian ito ng buhay. Sandali lang ito ibinurol. Ipinalibing agad. Nang magpakasal sila ay dito nila piniling manirahan sa probinsya dahil gusto nila ng katahimikan, malayo sa maingay na lungsod ng Maynila. Idagdag pang laganap ang polusyon doon.

Hilam sa luha at mabigat ang dibdib siyang lumabas ng kuwarto nila. Kailangan niyang makalanghap ng sariwang hangin. Pumunta siya sa hardin na naroon. Napatingala siya sa langit. Maraming bituin ang nakalatag sa langit. Bilog na bilog ang buwan.

At dahil sa naturang buwan, naalala niya na naman si Eric....

*“Sa palagay mo, babae ba ang buwan o lalaki?”
tanong ni Lora kay Eric.*

Nasa isang park sila at nakahiga sa nakalatag na picnic mat. They were enjoying the night sky with the stars twinkling above them. The moon was a perfect sight because it was a full moon. First anniversary nila ngayon.



Hindi naman niya inasahan na dito siya dadalhin ni Eric. Nag-set-up ito ng night picnic. It was simple yet romantic. Hindi mapuknat ang ngiti sa mga labi niya. Napaka-sweet talaga ng kasintahan. Biruin mo, ang seryosong si Eric, may itinatago rin palang ka-sweet-an sa katawan?

“Hmm. Babae siguro ‘yan,” sagot nito.

“Paano mo naman nasabi?” tanong niya naman.

“Pabago-bago kasi siya ng phase. May new moon, half-moon, quarter moon at ngayon, tingnan mo, full moon. Tulad n’yong mga babae. Pabago-bago ng isip.”

“Hmm... hindi naman lahat ng babae ganyan. Pero may punto ka. Sige, simula ngayon, babae na ang buwan. Tatawagin natin siyang Miss Moon,” aniyang ngumiti at nilingon ito.

Natawa ito. “Miss Moon, huh? Okay then, let me tell you something about the moon...”

Hindi niya inalis ang paningin dito. Excited siya sa sasabihin nito. She enjoyed talking to Eric. Ang dami nitong kuwento. Minsan, totoo. Ang iba imbento. Alam na alam nito kung paano siya pasayahin. She didn’t expect that he had a sense of humor. Seryoso kasi ito kapag kaharap ang ibang tao at nang mga panahong di pa sila. Well, he was still serious. Pero, kapag nag-uusap silang dalawa, walang dull moment.

“Alam mo bang kapag full moon, makapangyarihan ang buwan? Humiling ka ng kahit ano. Tutuparin niya

iyon. Magtiwala ka lang.”

Di-makapaniwalang tiningnan ito ni Lora. Kapagkuwan ay tinawanan. “Sige nga, para mapatunayan kong nagsasabi ka ng totoo, mag-wish ka.”

Napatitig ito sa kanya. “Eh, paano mo mapapatunayang nagkatotoo ang wish ko kung hindi mo malalaman iyon? Hindi mo ba alam na kapag nagwi-wish, sinasarili lang iyon para magkatotoo?”

Napalabi siya at umiling. Malay niya sa mga ganyan, di naman siya naniniwala.

Nagpatuloy ito at ibinalik ang paningin sa buwan. “You should believe, you know. At saka, kung mag-wish man ako ngayon, di na ‘yon matutupad....”

Napabangon si Lora at napaupo.

Napapantastikuhang tinitigan ito.

“Bakit naman?” tanong niya. Nawiwirduhan na talaga siya kay Eric dahil kung anu-ano na ang sinasabi.

Napaupo din ito at hinarap siya. Hinawakan nito ang dalawa niyang kamay at kapagkuwa’y nilaro-laro iyon. “Eh, kasi po, nakita ko na ang babaeng mamahalin ko habambuhay,” anito at masuyong ngumiti sa kanya.

“Sino?” aniya. Baka kasi iba ang tinutukoy nito at hindi siya.

He pinched her cheeks. “Silly! Of course, it’s you!”

Napangiti na rin siya dahil doon. Di niya mapigilang makaramdam ng labis na kaligayahan sa kanyang puso.



Was that a joke? O isang banat kaya? Natupad na raw ang wish nito at iyon ay nahanap na siya na siyang mamahalin nito.

“Ang corny ha, so, palagay natin na ako nga ang nagkatotoong wish mo, share mo nga kung paano ka nag-wish sa buwan na iyan?” aniya. *Wala lang. Sino ang maniniwala tungkol sa paghiling sa buwan? It was such a childish thing to do.*

“Someone told me na kapag bilog daw ang buwan, makapangyarihan ito. So, face the moon. You just have to say your wish to it. Visualize what you’re wishing for. At dapat, may isang importanteng bagay kang igi-give up para roon. Itapon mo sa direksyon ng buwan pagkatapos mong humiling.”

Napatango-tango si Lora. Hindi talaga siya naniniwala sa mga ganyan, pero curious pa rin siya. “So, ano ‘yong importanteng bagay na itinapon mo?”

“Secret.”

“Ay ang daya.”

“Di kaya. Dapat secret talaga ‘yon.”

Napasimangot siya. Bigla na lang siya nitong hinalikan. “Ang pangit mo kapag gumaganyan ka. Ngumiti ka nga,” anito.

Alam talaga nito kung paano siya mapapangiti. Mahal na mahal niya si Eric. Hindi niya makakayanan na mawala ito sa kanya. Mas gusto niyang siya ang

unang mamatay kung sakali. Hindi niya inaasahan na ito pala ang mauuna.



“Lora! Lora!”

Naputol ang pagbabalik-tanaw ni Lora dahil sa pagtawag na iyon. Mabilis niyang pinahid ang luha sa kanyang mga mata. Nakita niyang nasa gate ng kanilang bahay si Aling Perla, ang pinakamalapit na kapitbahay nila. Ang lalayo kasi ng mga bahay dito sa probinsya. Dating midwife ang ginang. Nagsabi na nga ito na ito ang magpapaanak sa kanya.

Dali-dali siyang tumayo at pinagbuksan ito.

“Ay naku, batang ire. Kanina pa kita tinatawag, pero di mo man lang ako nililingon. Aba’y nakatulala ka na. At umiiyak ka na naman? Naku. Tama na, Lora, masama ‘yan sa dinadala mo,” agad na bungad nito sa kanya. Parang nanay niya na rin ito. Ulila na kasi siya. Ni hindi niya nga kilala kung sino mga magulang niya.

Sa bahay-ampunan siya sa Maynila nanggaling. Nang magdidisi-otso ay hinayaan silang makapaghanap ng trabaho. Naging isang sales assistant siya sa pinagtatrabahuhang mall ni Eric kung saan sila nagkakilala.

Isang ngiting hindi umabot sa mata lang ang itinugon niya rito. At mukhang naiintindihan naman



nito na wala pa siya sa mood para makipag-usap.

“O siya, gusto ko lang ibigay sa ‘yo ang pagkaing inihanda ko. Alam kong hindi ka pa nakakakain. Naku, Lora, ‘wag mong patagalin ang pagluluksa mo kay Eric. Baka kung ano’ng mangyari sa ‘yo at sa anak mo,” anito at inabot ang supot na bitbit.

“Salamat po, Aling Perla. ‘Wag po kayong mag-alala sa akin. Siguro sa mga susunod na araw ay magiging okay na po ako,” pagsisinungaling niya. Nang mamatay si Eric ay parang nawalan na rin siya ng ganang mabuhay. Kung hindi lang siguro siya buntis, malamang ay kinitil niya na ang sariling buhay.

“Lora, alam kong masakit mawalan ng minamahal. Naranasan ko na rin iyan nang mamatay ang asawa ko. Pero kailangan mong magpatuloy sa buhay. Alalahanin mo rin na may anak kayo. At kailangan niya pang makita ang mundo,” sabi ni Aling Perla bago ito umalis.

Matagal na itong wala sa paningin niya ngunit nanatili siyang nakatayo lang doon na tila tanaw niya pa rin ito.

Napabuntong-hininga siya. Kapagkuwan ay napatingala sa buwan. “Kung makapangyarihan ka talaga, ibalik mo si Eric. Kailangan ko siya. Kailangan niyang makita ang anak namin. Kahit

hanggang matapos lang akong makapanganak, please?” aniyang nagsusumamo. Kung naniniwala si Eric dito, maniniwala rin siya.

Napapikit siya at in-Imagine sa isip na buhay ang asawa. Kapagkuwa’y hinubad niya ang wedding ring na suot at itinapon sa direksyon ng buwan. Pinakaimportanteng bagay iyon sa kanya. Simbolo iyon ng pagmamahal ni Eric sa kanya.

Hindi niya mapigilang ang muling pag-alpasan ng luha mula sa kanyang mga mata. Napahawak si Lora sa kanyang tiyan. Naramdaman niya kasing sumipa ang anak niya. Napangiti siya kahit papaano. Patunay lang iyon na may buhay sa loob niya. Buhay ng anak na iniwang alaala ni Eric.

Nagpasya siyang pumasok sa loob ng bahay nila. Itutulog niya na lang ang kalungkutang nadarama.

2

Nagising si Lora sa malakas na pagbuhos ng ulan. Hindi niya na alam kung anong oras siya nakatulog kagabi sa kakaiyak.

Matapos niyang kainin ang pagkaing dinala ni Aling Perla ay nagpahinga siya sa sala. Nakita niya ang photo album na naglalaman ng mga litrato nila ng asawa. Iyong mga panahong magkasintahan pa lang sila at noong sila'y ikinasal. Doon natapos ang pagkuha ng mga litrato. Dahil matapos ang isang taon ng pagiging mag-asawa ay nalamang may malubhang karamdaman si Eric at malala na. Isang buwan pagkatapos ay nalaman niyang buntis siya. Hindi niya makuhang magsaya. Buntis nga siya ngunit malala naman ang sakit ng asawa niya. So, ano ba ang dapat maramdaman niya?

Ilang minuto pa siyang nanatiling nakatingala sa kisame. Sinabi niya sa sarili na ito na ang huling beses na iiyak siya sa pagkawala ni Eric. Malungkot pa rin siya pero... siguro, kailangan niyang tanggapin na wala na ito sa buhay niya. Mananatili na lang itong buhay sa mga alaala at puso niya. Kailangan

niyang magsimula uli para na rin sa anak nila. Life must go on for the both of them.

Napapitlag siya nang may binti na dumantay sa kanya. Hindi siya makahuma. Sinalakay ng matinding kaba ang kanyang dibdib. Sino ang posibleng katabi niya sa kama nila ni Eric?!

Dahan-dahan niyang inabot ang lamp shade at pinaliwanag ang sinag habang maingat na kumilos. Nanatiling nasa kisame ang mata niya. Unti-unti niyang ibinaling ang ulo sa 'katabi'. At ganoon na lang ang panghihilakbot niya nang mapagsino ang nabalingan.

"Eric?!" bulalas niya sa nanlalaking mata.

Dahil sa pagbulalas ay nagising si 'Eric' na kinukusot-kusot pa ang mga mata. Kapagkuwan ay inilibot nito ang tingin sa silid. At sa huli ay natuon sa kanya. Nangunot ang noo nito. Bigla itong napabangon. Siya ay napabangon din ngunit hindi niya inalis ang paningin dito.

Hindi makapaniwala si Lora sa nakikita. Kung panaginip ito, bakit buhay na buhay ang asawa sa kanyang paningin? Bakit narito ito? Totoo ba ito at nabuhay? Hindi. Nasaksihan mismo ng dalawang mata niya na wala na itong buhay. Nakalibing na ito.

Hindi kaya minumulto ako ni Eric? Isang doppelganger kaya? O bumangon mula sa hukay? Kambal kaya niya ito at bumisita sa bahay namin? O isang clone?



tanong niya sa isip.

Wala siyang maapuhap na sabihin at nanatili lang na nakatitig dito. Hindi niya alam kung ano'ng pumasok sa kukote niya at hinaplos niya ang pisngi nito. He flinched because of what she did.

Kung multo ito o doppelganger o isang zombie, bakit mainit ito? Buhay na buhay. At saka, nag-iisang anak si Eric. Wala naman sekretong itinatago ang pamilya nito. Nag-iisang anak lang talaga ito. Ni wala ring kapamilya niya na identical ang hitsura sa kanya o kaya hawig man lang. Imposible naman na may clone ito.

Siguradong panaginip lang ito. Tama. Panaginip lang. Sana nga ay hindi na siya magising. Niyakap niya ito nang napakahigpit. Bago pa maputol ang panaginip na ito, yayakap muna siya rito.

“Eric...” aniya at napaluha. Ngayon niya napatunayan na miss na miss niya talaga ang asawa.

Naramdaman niyang gustong makawala ni Eric sa yakap niya kaya hinigpitan niya pa. “Miss na kita, Eric. Salamat naman at dinalaw mo ako kahit sa panaginip man lamang. Ang daya mo. Pinakuha mo pa ako ng photo album dito. Ni hindi mo man lang ako hinintay,” aniya at sumisinghot-singhot pa dahil sa kaiiyak. Kahit sa panaginip man lang ay masabi niya ang gustong sabihin.

“Teka, Miss, bitiwang mo ako. Ano ba’ng pinagsasasabi mo? Sino ka ba? Bakit ako narito? Bakit kilala mo ako?”

Kumalas siya ng yakap rito. Ano rin ang pinagsasasabi nito? Hindi ba isang panaginip lang ito? Kinurot niya ang hita niya. She was hurt. So it was reality? Paanong...?

Nanlaki ang mga mata ni Lora nang may maisip. She wished to the moon! Pinagbigyan ng buwan ang hiling niya! Pero bakit hindi siya naaalala ni Eric? At bakit tila malusog na malusog ito sa paningin niya? Siguro, kapag bumabalik ang tao sa mundo ay bumabalik din ito sa pinakamalusog na anyo nito.

Hindi lang kasi siya makapaniwala. Nang magkasakit kasi ang asawa ay naapektuhan din ang pisikal na kalagayan nito. Naalala niya pa ang isang partikular na pangyayari nang mga panahong buhay pa ito...

“M-mawala man ako, nabubuhay naman diyan sa loob ng tiyan mo ang anak natin. Huwag ka nang umiyak, please?” nahihirapang sabi ni Eric habang nakaratay ito sa hospital bed. Hawak niya ang kamay nito nang mahigpit habang umiiyak.

Alam ni Lora na nahihirapan na ang asawa sa pinagdaanan mula sa maraming tests at treatments na isinasagawa rito. Idagdag pa ang epekto ng Radiotherapy.



Maputla na ito. Naka-bonnet upang maitago ang pagkalagas ng buhok nito.

Mismong si Eric na ang nagdesisyon na itigil ang pagpapagamot at gusto na lamang hintayin na malagutan ng hininga. At dahil nga doon ay umiyak talaga siya. Kahit sinabi niya sa sarili na magpapakatatag siya para sa asawa, hindi niya pa rin nagawa.

“Eric, nakakainis ka, alam mo ba ‘yon? Gusto ko andiyan ka kapag naipanganak siya kaya kailangan mong ipagpatuloy pagpapagamot mo,” aniya habang parang tubig mula sa gripo ang luhang umaagos mula sa kanyang mga mata. *Ito ang unang pagkakataon na umiyak siya sa harap ni Eric.*

He reached out and wiped her tears away with his thumb. “Mag-wish ka na lang kay... Miss Moon p-para makita k-ko siya,” anitong nakapagpangiti sa kanya kahit papaano. *Sa kalagayan nito ay nakuha pang magbiro.*

“A-ayan, ilang beses ko na bang sinabi sa ‘yo na mas lalo ka p-pang gumaganda kapag ngumingiti ka, hmm? At ‘wag ka nang malungkot. Kapag w-wala na ako, nandiyan lang ako sa paligid. Makikita ko pa rin k-kayo...”

Napailing si Lora. Iniiba nito ang usapan. “Eric, please. Kailangan mong ipagpatuloy ang pagpapagamot mo...”

Ngunit nagbingi-bingihan lang ito. Kaya wala silang nagawa. Hanggang sa dumating ang araw na binawian ito ng buhay. She was mentally preparing for that. Pero hindi niya pa rin maiwasang malungkot nang mangyari iyon. Nahimatay pa nga siya nang madatnan niyang wala na itong buhay.

Kaya naman pala pinapauwi muna siya nito. Pinakuha nito ang photo album nila na nasa probinsya. Nagpumilit ito. At wala silang nagawa kundi pagbigyan ang asawa. Ang mga magulang nito ang nagbantay pansamantala rito. Kaya lumuwas pa siya.

Sana pala ay nanatili na lang siya sa tabi nito hanggang sa huling hininga nito. Para naman hindi lang sa note niya nabasa ang mga huling salita nito.

To my dearest Lora,

Mahal kita. Mahal na mahal. God knows how I wanted to be with you and our daughter, Naomi. Please tell her that I love her so much when she grows up. Physically, mawawala ako, but I will always be watching you two. So now, let's go home...

Histerikal si Lora nang mabasa niya iyon. Dito sa probinsya inilibing si Eric. Iyon raw ang hiling nito sa mga magulang nito. Iyon siguro ang ibig sabihin ng sinulat nitong, 'Let's go home'. Kaya pinagawan ito ng



mausoleo ng mga magulang nito sa sementeryo na naroon. Napangiti siya kahit masakit ang puso. 'Naomi' talaga ang gusto nitong ipangalan sa anak nila. Iginigiit talaga. Nabasa raw nito iyon sa Bible. Nagagandahan ito sa pangalang iyon. Siya rin naman nagagandahan din kaya pumayag na rin siya—

“Miss, tinatanong kita. Bakit ako narito? Nasaan ‘to?” anito nang nanatili lang siyang nakatanga rito. Napapitlag si Lora at naputol ang pagbabalik-tanaw niya sa sinabi nito.

He groaned then, went out of bed. Naalis ang kumot rito. Boxer shorts lang ang suot nito which was also the usual sleeping attire of Eric. But for Pete’s sake, he was Eric himself!

Lumabas ito ng kuwarto. Sinundan niya ito. Wala itong pakialam kahit tanging boxer shorts lang ang suot nito. Oh well, he possessed an athlete’s body anyway. Bakit ito mahihiya?

Ipinilig niya ang ulo. Malay niya ba kung multo pala talaga ito. But it was unusual, hindi siya nakadama ng takot. Takot kasi siya sa mga multo. Pagkalito, pagkamangha at kasiyahan lang ang nararamdaman ni Lora. Sigurado siyang hindi ito panaginip. Totoo ito. Totoong-totoo...

Natigilan ito nang makarating sa sala nila. Natuon ang pansin nito sa nakasabit na kuwadro ng

litrato nilang dalawa nang ikinasal sila. Ilang sandali pa itong tumitig doon na tila nag-iisip. Naalala na kaya nito ang lahat dahil sa nakita?

Napalingon si Eric. Ang mukha nito ay kababakasan ng pagkalito. At napalitan iyon ng pagkagulat nang matuon ang pansin nito sa tiyan niya.

“Y-you’re pregnant?!” kandautal na bulalas nito. Tila hindi ito makapaniwala. “And I did that to you?”

Gusto niyang matawa sa hitsura nito. He looked like a lost child. So ganito pala ang hitsura ni Eric kapag hindi nito kontrolado ang sitwasyon? He was always very composed, in control of everything.

He was handsome in a serious and mysterious way. Hindi niya type ang ganyang lalaki, pero nang makilala niya ang asawa ay natutunan niyang magustuhan ang personalidad nito. Madalas, ang mga seryosong tao ay matalino sa pag-iisip at pagdedesisyon. And Eric was always like that. Ang pagiging mysteryoso naman nito ay nakapukaw ng interes niya. She had fun knowing everything about Eric. Alam niyang marami pa siyang dapat matutuklasan sana rito kung hindi lang ito nawala agad.

Ngunit... hindi tama ang panahon na ito para pagtawanan si Eric. Wala talaga itong naaalala.



Napahilamos ito sa mukha at napatingin uli sa kanya. “When is the baby due?” tanong nito.

“Next month,” sagot niya. Hindi inaalís ang paningin dito. Paano kung bigla na lang itong maglaho na parang bula?

“So, you’re my wife?” anitong nang-uuyam. Mukhang hindi ito kumbinsido na siya ang asawa nito.

Hindi naman kasi mala-diyosa ang kagandahan ni Lora kung ikukumpara sa mga exes nito. Actually, hindi maganda ang first meeting nila ni Eric. Tila ba tinataboy siya nito. Hindi nga siya makapaniwala na nagkatuluyan sila. Ika nga, iyong mga bagay na hindi mo inaasahan ay siya pang nangyayari.

“Unfortunately, yes,” aniyang hindi rin maiwasang bahiran ng sarkasmo ang tinig.

“Sigurado ka ba talaga na ako ang ama ng anak mo?” tanong pa nito.

Seriously, gusto niyang mainis rito. Pero mukhang di naman ito nagbibiro o nagpapanggap lang na di makaalala. Di man malinaw kung paano nangyari ito, masaya siya na buhay na buhay ito sa paningin niya.

Sa ganito ka-modernong panahon, hindi siya makapaniwalang may mga ganitong pangyayari. The moon granted her wish to bring Eric back to life. Hindi kapani-paniwala. Pero dahil nasa harapan

ni Lora ang patunay, naniniwala na siya. Kung ang buwan ang may gawa nito, kagagawan din ito ng Panginoon dahil Siya ang lumikha sa buwan. With that, she was very thankful to Him. Tunay Siyang makapangyarihan.

“Do you think I’m a whore? Hindi mo naman siguro ako pakakasalan kung ganoong klaseng tao ako na kung sinu-sinong lalaki na lang ang kinakasama, di ba?” she said without breaking off her gaze at him. Nainsulto siya sa sinabi nito. Ito lang ang tanging lalaki sa buong buhay niya na pinagbigyan niya ng sarili.

“Did I say that you’re like that? And you’re judging me. Kung mahal ko talaga ang isang babae, papakasalan ko siya kahit ano pa siya...” anito.

Gusto niyang maiyak. This was really Eric. Yeah. She knew he was Eric. Pero parang may nag-iba lang kasi. The way he looked; he seemed strong and alive. Marahil ang naalala niyang huli ay ang Eric na nasa ospital kaya nanibago siya.

“Parang ganoon kasi ang ipinapahiwatig mo. Well, we’re both judging each other. Next time, choose your words properly,” aniya. Kung sinusupladuhan siya nito, puwes tatarayan niya rin ito. Parang ito ang Eric nang hindi pa sila malapit sa isa’t isa. Suplado. Antipatiko.

“Woah. Hindi ko alam na nakapag-asawa pala



ako ng mataray. Well, ano'ng nangyari sa akin, bakit hindi ako makaalala?" anito. He was smiling. And that was heaven! Muli niyang nasilayan ang ngiting iyon ng asawa. It brightened up his face. Lalo itong gumuwapo.

Pero, ano ang isasagot niya sa tanong nito? Na namatay ito sa brain tumor at nabuhay? Hindi puwede iyon. Gagawin niya munang normal ang pagbabalik nito sa lupa. Ayaw niyang matakot ito sa sarili at baka magpumilit pang bumalik sa hukay. Well, she was just kidding at the last sentence.

"Ahm, nadulas ka kasi sa CR kahapon at nabagok ang ulo mo. Kanina lang tayo nakalabas ng hospital. Temporary amnesia lang 'yan sabi ng doktor. Magbabalik din daw ang mga alaala mo. Nakalimutan mo na naman ata ako at hindi mo ako maalala..." aniya. Alam niyang parang gasgas nang pakinggan ang rason niya. Pero, mukhang naniwala naman ito at napatango na lang.

Ilang sandali pa siya nitong tinitigan.

"Am I a good husband to you?" tanong nito kapagkuwan.

"Of course! Bakit ka naman nagtatanong ng mga ganyan?" ani Lora. *You are the best*, gusto sana niyang sabihin, pero maiiyak na naman siya.

"Your eyes. Parang mahabang panahon nang

umiiyak ka...” sagot nito. Hindi pa rin inaalalis ang tingin sa kanya. Kakikitaan ng pag-aalala ang mukha nito. Hindi niya naman puwedeng sabihin na umiyak siya dahil namatay ito.

“Ah... ‘w-wag mo nang pansinin. Nasobrahan lang ‘to sa tulog. Alam mo na... nakakatamad kumilos ngayong malaki na ang tiyan ko. Kaya madalas, nakakatamad bumangon. I always end up sleeping more,” nakangiting paliwanag niya.

“It must be so hard for you being pregnant. ‘Wag kang mag-alala. Aalagaan kita at ang anak natin,” anitong may pagsuyo.

Ang sarap sa pandinig niya ang sinabi ni Eric. Aalagaan daw siya nito. May kung anong humaplos sa puso niya. Oo. Mahirap talaga ang pagbubuntis niya. Hindi niya naranasan ang napagdaanan ng ibang buntis na inaalagaan ng asawa. Hindi siya nakapag-utos dito kapag may gusto siyang kainin sa tuwing naglilihi siya. Paano mangyayari iyon kung malubha naman ang kalagayan ni Eric? For six months, they spent their time in the hospital. Mabuti na lang at naroon ang mga magulang nito at inaalalayan siya.

“At sinabi mo kaninang ang daya ko dahil pinakuha kita ng photo album? Bakit? Ano ba’ng nangyari?” anitong iniba na ang usapan.



Naalarma si Lora. “Hintayin mo na lang na makaalala ka muli...”

Napabuntong-hininga ito. “So as my wife, can you help me remember? I mean, sabi mo may temporary amnesia ako dahil sa pagkabagok ng ulo ko. Mas mainam siguro na kuwentuhan mo ako ng mga bagay-bagay tungkol sa atin para mapabilis ang pagbalik ng alaala ko,” anito kapagkuwan.

Ngumiti siya. “Of course, I will.” Sana naman ay hindi siya maiyak kapag nag-umpisa siyang magkuwento rito.

“Teka, wala tayong wedding rings?” anitong itinaas ang kamay kung nasaan ang palasingsingan nito. Kapagkuwan ay binalingan naman ang isang kamay niya.

Naalarma siya at natigilan ngunit di niya pinahalata. Alangan namang isagot niya na itinapon niya ang singsing nang humiling siya sa buwan para buhayin ito? Ang singsing naman nito ay nakatago. Nang maospital ito ay pinahubad iyon ng doktor dahil nga nagpapagamot ito.

“Ahm... Sorry, pero naiwala ko kasi ang singsing ko. Ang sa 'yo naman ay itinago ko nang maospital ka. Baka mawala pa kasi,” sagot niya na pinaniwalaan naman nito.

Papasa rin pala siyang sinungaling? Sa ampunan,

ang pagsisinungaling ay bawal. Dapat magsabi ng totoo. Kung hindi, pinaparusahan. Nasaksihan niya sa mga kapwa roon ang klase ng parusa na ipinapataw. Pinapaluhod talaga sa bilao ng munggo o asin. Siguradong masakit base na rin sa reaksyon ng mga ito. Dahil pinili niyang magpakabait, hindi siya nakaranas ng ganoon.

“Then, we have to buy a new pair of rings,” anito.

“Ay naku, ‘wag na. Hahanapin ko na lang ‘yon. Sigurado akong dito ko lang naiwala, eh,” pagtutol niya sa sinabi nito.

Bibili? Eh di ibig sabihin, lalabas sila para pumunta sa isang jewelry store? Paano na lang kung may makakita rito na kilala pala ito? Tiyak na malaking gulo iyon. Patay na ito sa pagkakaalam ng lahat. Ngayon niya napagtanto na malaki ang komplikasyon kapag may nakaalam na nabuhay ito.

“Eh, di tutulungan na lang kitang hanapin iyon. Pero kapag wala talaga, dapat tayong bumili.”

“Okay,” sabi niya na lang para matapos na ang usapan. So, pagkatapos nito, ano na? Para kasing hindi niya alam kung paano pakitunguhan ang Eric na kaharap. Wala na itong naaalala bukod sa pangalan nito. Hindi siya nito kilala. Ibig sabihin, nawala sa isip nito ang lahat ng mga alaala ng



mga pinagsamahan nila. Kaya naman, isa siyang estranghero rito. Nag-uusap sila ngayon dahil binigyan niya ito ng kaalaman na mag-asawa sila.

“Ahm, sorry sa inasal ko kanina. I was rude. At pasensya na, nakalimutan ko ang pangalan mo....” sabi ni Eric.

Ngumiti siya. “It’s okay. Naiintindihan ko. Wala ka kasing maalala.” She extended her hand to him na tinanggap naman nito. “I’m Lora Apostol-Montejo. Siguro naman, alam mong Montejo ang apelyido mo.”

He chuckled in a very sexy way. Bakit may pakiramdam siya na parang ito ang una nilang pagkikita?

Hindi pa rin nito binibitawan ang kamay niya, ngunit dagli ring binitawan nang na-realize na hawak pa rin nito iyon. He was cute. Marahil naiilang ito na kung tutuusin ay hindi dapat. Mag-asawa sila. But then again, he couldn’t remember.

“Uhm, wife, may pagkain ka ba rito? Nagugutom ako,” kapagkuwan ay sabi nito.

Napamaang siya. Nagugutom din pala ang mga tulad nito? Ano ba ang tawag dito na nabuhay dahil sa paghiling niya sa buwan?